


# MALAY

TOMO XXXV BLG. 1 • DISYEMBRE 2022

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

Karapatang-ari © 2023 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN:  0115-6195

Published and distributed by
De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, 0922 Manila, Philippines
Telefax No. (+63 2) 8523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Website: https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,800/Isahan: PhP1,500. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Ko-Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Aurelio Agcaoili
*University of Hawaii, USA*

Satoshi Ara
*Fukushima University, Japan*

Joi Barrios-Leblanc
*University of California, Berkeley, USA*

Aurora Batnag
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Pamela Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Antonio Contreras
*Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños, Laguna*

Rommel Curaming
*University of Brunei Darussalam, Brunei*

Feorillo Petronilo Demeterio III
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

JC Gaillard
*The University of Auckland, New Zealand*

Roberto Javier
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Jovy Peregrino
*Busan University of Foreign Studies, South Korea*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso Tullao, Jr.
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Nelson Turgo
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

## Mga Nilalaman


MULA SA EDITOR

**Florentino T. Timbreza** vii
**Rowell D. Madula**

MGA NATATANGING LATHALAIN

Intelektuwal na Talambuhay ni Bonifacio P. Sibayan: Muhon ng Pagpaplanong Pangwika at Bilingguwal na Edukasyon sa Pilipinas/ 1
*Intellectual Biography of Bonifacio P. Sibayan:Pillar of Language Planning and Bilingual Education in the Philippines*
**Jay Israel B. De Leon**

Edu-Aksiyon. Ang Distansiya ng Mahihirap sa Distance Learning sa Panahon ng Pandemya/ 24
*Edu-Aksiyon. The Distance of the Poor from Distance Learning during the Pandemic*
**Billy N. De Guzman and Catherine C. Cocabo**

Paniniwala sa Harô: Replektibong Pamumuhay ng mga Waraynon/ 39
*Belief in Harô: Reflective Life of the Waraynon*
**Aldwin B. Amat**

Mga Literaturang Oral ng mga Caramoranon sa Rehiyong Bikol Bilang Repositoryo ng Kulturang Pilipino/ 54
*Oral Literature of the Caramoranons in Bicol Region as a Repository of Filipino Culture*
**Jovert R. Balunsay and Susan M. Tindugan**

“Pasmado, Kailangan Bang Mangamba?”: Pagdalumat sa Salitang Pasma Bilang Isang Konseptong Pilipino / 62
*“Pasmado, A Cause for Concern?”: An Abstract Conception of the Word Pasmaas a Filipino Concept*
**J Owen V. Lebaquin, Shaina Mae S. Junio, Lyra Erielle D. Ilagan, Portia Marie G. Maglalang, Stefhanie Joyce N. Manganti, Rashel Lidia L. Mariano, Johnrose E. Mercadero, at Ian Mark P. Nibalvos***

"Hindi Ako Isang Kabayo. Ako'y Isang Tao.": Squid Game, Kapitalismo at Etikang Pangnegosyo / 77
*"I'm not a Horse. I'm a Person.": Squid Game, Capitalism and Business Ethics*
**Napoleon M. Mabaquiao, Jr.**

MGA KONTRIBYUTOR 95

PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY 99

# Mula sa Editor

Sa pagbubukas ng ikalawang semestre ng mga kolehiyo't pamantasan sa bansa, ipinag-utos ng Commission on Higher Education (CHED) ang pagsasagawa ng mga face-to-face na sesyon sa mga klase sa tersiyaryang antas sa buong bansa. Nauna na rito, ipinag-utos din ng Department of Education (DepEd) ang pagsasagawa nito sa primarya at sekondaryang edukasyon. Tila muli na talagang sinusubukan ng sektor ng edukasyon ang pagbubukas ng mga paaralan para sa mga guro at mag-aaral matapos ang halos tatlong taon ng pandemya. Handa na nga ba tayo sa pagharap sa bagong normal?

Sa panahon ng pandemya, hindi lamang ang mga negosyo at ibang institusyon ang umayon sa mga pagbabagong hatid nito. Maging ang disiplina ng pananaliksik ay nagsagawa ng mga pagbabago lalo na sa paraan ng pagsasagawa ng pananaliksik. Pinagyaman ang digital na metodolohiya sa panahon ng pandemya. At sa kasalukuyang unti-unting paglabas muli ng mga guro't mag-aaral sa kanilang mga tahanan papunta sa mga paaralan, inaasahan din ang muling paglabas ng mga mananaliksik sa pagsasagawa ng kanilang mga pag-aaral.

Hindi maipagkakaila na sa nakalipas na tatlong taon, nakita natin ang kakayahan at potensiyal ng teknolohiya sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ngunit nakita rin natin ang limitasyon nito. Sa bansang tulad ng Pilipinas na hindi lahat ng mamamayan ay may sapat na kaalaman at akses sa teknolohiya, may pangangailangan pa ring isagawa ang personal na pakikipanayam o kaya'y personal na pagpunta sa mga lunan ng pananaliksik.

Ano pa man ang sitwasyon at kalagayan ng ating lipunan, iisa ang ating natitiyak, mahalaga ang pananaliksik sa lahat ng panahon at pagkakataon.

Ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino ang isa sa mga layuning itinataguyod ng *Malay* at iba pang organisasyong pangwika. Sa pag-aaral ni **Jay Israel de Leon**, tinalakay niya ang pilosopiya, buhay, akda at gawa ng isa sa mga higanteng iskolar na si Bonifacio P. Sibayan. Sa kaniyang masinsing pagsusuri sa mga akda ni Sibayan, naisakonteksto ang mga ambag Sibayan sa iskolarsyip at sa aktuwal na pagsusulong pagpaplanong pangwika sa Pilipinas.

Mahalagang ambag sa pagsusuri ng ating karanasan sa edukasyon sa panahon ng pandemya ang papel nina **Billy De Guzman** at **Catherine Cocabo**. Sa kanilang kritikal na pagsusuri sa pagsasagawa ng distance learning sa perspektiba ng mga magulang at guro na mula sa marhinalisadong antas ng pamumuhay, naipakita nito ang malaking distansiya nito sa karanasan ng mga pamilyang Pilipinong may akses sa teknolohiya at resorses sa pagsasagawa nito. Iniaangat ng papel na ito ang diskurso ng uri at ekonomikal na kalagayan sa edukasyon.

Sa panahon ng pinaigting na globalisasyon at ang layon nitong ihomogenisa ang kultura ng buong mundo, itinatampok ni **Aldwin Amat** ang paniniwala ng mga Waraynon sa kapangyarihan ng harô. Nakasandig ang pag-aaral na ito sa tradisyon ng indihenisasyon bilang lapit na naglalahad ng kaisipan hinggil sa paraan ng pag-iisip at kamalayan ng mga Pilipino. Mahalaga ang mga ganitong pag-aaral dahil sa paagpapanatiling buhay sa ating kamalayan ng mga paniniwala at paraan ng mga pamumuhay ng mga Pilipinong hindi nakasentro sa Kamaynilaan at hindi maiikakailang makapag-aambag sa pagdalumat ng ating kaakuhang pagka-Pilipino.

Samantala, nilayon naman ng papel nina **Jovert Balunsay** at **Susan Tindugan** na mapreserba at mapanatiling buhay ang mga panitikang oral ng mga taga-Catanduanes sa pamamagitan ng paglikom, pagsasadokumento at pagsusuri nito para sa huli'y magamit bilang mga materyal panturo sa mga klase sa Filipino. Muling pinatunayan ng pag-aaral na ito na ang panitikang rehiyonal at panitikang sumasalamin sa mayamang karanasan, kultura, kasaysayan, at kaakuhan ng nasabing rehiyon. Nakita sa mga pagsusuri ng mga panitikang oral na ito ay repleksiyon ng idenitidad ng mga Caramoranon at ng Catanduanganon sa kabuoan.

Ipinakikita naman ng papel nina J Owen Lebaquin, Shaina Mae Junio, Lyra Erielle Ilagan, Portia Marie Maglalang, Stefhanie Joyce Manganti, Rashel Lidia Mariano, Johnrose Mercadero, at Ian Mark Nibalvos na ang isang kolaboratibong pananaliksik ay isang gawaing maaaring mapagtagumpayan. Ang kanilang pagdiskurso sa salitang *pasma* ay naipakita sa pamamagitan ng usaping kultural at medikal. Ang pasma ay bahagi ng ating kultura bilang mga Pilipino na kailangang kilalanin ng sektor ng kalusugan upang higit na maunawaan ang mga gawi at paniniwala ng mga Pilipino rito. Sa pamamagitan ng pagrespeto at pagkonsidera sa ating paniniwala, higit na nabibigyan ng kaalaman at kamalayan ang sektor ng kalusugan sa kung paano ito tutugunan at bibigyan ng interbensiyon.

Isa sa mga sumikat na palabas sa telebisyon sa buong mundo nitong nakalipas na taon ang *Squid Game* na mula sa bansang Korea. Tinangkilik din ang naturang palabas ng mga Pilipino, maging ang mga merchandise, mga artista, at ang iba pang produktong naging kadikit nito. Kaya isang mahalagang ambag sa pagdidiskurso ng palabas na ito ang papel ni **Napoleon Mabaquiao Jr**. Sa kaniyang tematikong pagsusuri ng mga elemento ng palabas na nakakawing sa konsepto ng kapitalismo, nailantad nito ang mga mensaheng nagmumulat sa mga manonood nito sa mga kontradiksiyong nakapaloob sa isang sistema ng lipunang may pagkiling sa kapitalismo. Ang mga produkto ng kulturang popular tulad ng palabas sa telebisyon ay mahalagang kritikal na basahin at pagmuni-munihan lalo pa't may kapangyarihan itong magbigay ng kaisipan sa mga mamamayan.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu–si Bb. Joanne Castañares.

Florentino T. Timbreza
Rowell D. Madula